
PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

BIGWAS
KANLURAN GITNANG LUZON

BAGONG HUKBONG BAYAN

2024 Mayo 29

# Pagbati at Pulang Saludo sa mga Kasama sa Pulang Silangan



Binabati at sinasaluduhan ng Bigwas Kanluran Gitnang Luzon ang mga NPA ng Pulang Silangan sa matagumpay na pagharap nito sa desperadong pasistang atake ng kaaway sa probinsya ng Aurora. Nakapaglunsad ang mga kasama ng 3 magkakahiwalay na aktibong depensa sa probinsya ng Aurora na puminsala, nakasugat at nakapatay ng kaaway sa loob lamang ng isang linggo. Di bababa sa 10 ang patay at sugatan sa 3 magkakasunod na labanan.

Sa kasalukuyan, inookupa ng mga tropa sa ilalim ng 7th division ng Philippine Army ang mga baryo sa bayan ng Dipaculao, San Luis, at Maria Aurora. Ilang buwan na ang tuloy tuloy na mga operasyong militar sa probinsya. Mariing kinukundena ng Bigwas KGL ang *de facto Martial Law*na kasalukuyan nangyayari ngayon sa probinsya ng Aurora. Sapilitang binabakwit ang mga tao at inilalayo sa kanilang mga tahanan at kabuhayan. Nagsasagawa ng psywar sa masa, tinatakot at inaakusahan silang terorista. Ang pinakamalala ay ang walang habas na pag iistraping sa pook obrahan ng mga masa. Pinipinsala ng ganitong aksyon ng militar ang buhay at kabuhayan ng mga tao.

Kagaya ng kanilang ginagawa sa kanluran ng Gitnang Luzon ang kanilang ginagawa sa probinsya ng Aurora ngayon. Ilang ulit na sapilitang binabakwit ang mga baryo sa Tarlac at Zambales o kung hindi man ay ookupahan at tatayuan ng kampo militar ang mismong mga baryo. Minimilitarisa ang mga pamayanang Ayta at binabawalan silang makapaghanapbuhay. Lalong nasasadlak sa kahirapan ang masa. Sinisikap ng kaaway na putulin ang ugnayan ng masa sa hukbo sa pamamagitan ng pagbabakwit at paggagarison sa masa . Ngunit hindi sila kaylanman magtatagumpay. Sa kanilang ginagawa lalo lamang nilang binubuhusan ng gasolina ang dati ng naglalagablab na galit ng masa sa Estado at militar. Malalim ang rebolusyonaryong kasaysayan ng masa saan man sa Gitnang Luzon. Ang lawak at lalim nito ang nagtitiyak sa hindi masasaid na suporta ng masa sa kanyang hukbo.

Kaya't kaisa ng malawak na mamamayan ng Aurora ang mga kasama at masa sa Kanluran Gitnang Luzon sa pagpapaabot ng aming pagbati sa inyo mga kasama sa Silangan, pinapaabot namin ang aming pagsuporta, pag aalala at paghanga sa matapang na pagharap ninyo sa pasistang atake ng kaaway. Nakatitiyak kami na makakalagpas ang masa at ang NPA sa anumang bagsik ng terorismo at atake ng Estado.

Saanman sa Gitnang Luzon o sa buong Pilipinas, di magagapi ang NPA na malalim na nakaugat at nakaugnay sa masa.✊